HM Government

Grenfell community updates

# Grenfell Tower: ang paraan ng maingat na paggiba ng Tower

Kinikilala ng pamahalaan na may masidhing kahalagahan ang Grenfell Tower para sa mga pinakamalubhang naapektuhan ng trahedya at na itinuturing ng mga pamilya na sagrado ang lupang kinalalagyan nito. Gusto naming ibahagi sa inyo kung paano naghahanda ang pamahalaan at ang aming mga contractor para sa maingat na paggiba ng Grenfell Tower.

Ang update na ito ay naglalahad kung paano namin isasagawa ang gawaing ito nang may paggalang at malasakit, kung paano namin tinutugunan ang mga isyung mahalaga sa inyo, at kung saan kayo puwedeng kumuha ng karagdagang impormasyon o suporta.

Gusto naming ibahagi ang impormasyon sa paraang kapaki-pakinabang para sa inyo. Magbibigay kami ng regular na update at higit pang detalye habang nagpapatuloy ang mga paghahanda. Maaari ninyong makilala ang mga opisyal at ang pangunahing contractor na gagawa ng proyektong ito sa sunod-sunod na mga pagpupulong kung saan puwede ninyong pag-usapan ang mga gawain, magbahagi ng saloobin, at magtanong. Masaya kaming makipag-usap sa inyo nang paisa-isa o bilang grupo, at patuloy kaming makikipag-ugnayan sa mga grupo at lokal na organisasyon upang matiyak na mayroon silang lahat ng impormasyong kailangan nila.

Makokontak n'yo kami palagi sa

GrenfellTowerSite@communities.gov.uk Saklaw ng update na ito ang

sumusunod:

- **Kung paano maingat na gigibain ang Tower**
- **Mga paghahanda ngayong tag-init**
- **Maingat na paghihimlay ng mga materyales mula sa Tower**
- **Pagiging madaling makita ng Tower: mga banner at ilaw**
- **Kung ano ang makikita ninyo habang isinasagawa ang trabaho**
- **Pagpapakita ng paggalang sa lugar**
- **Kalusugan at kaligtasan**
- **Kung sino ang magsasagawa ng gawaing ito**

## Kung paano maingat na gigibain ang Tower

**Nangangako ang pamahalaan na titiyakin na ang lahat ng gawain sa lugar ng Grenfell Tower ay isasagawa ayon sa pinakamataas na pamantayan. Patuloy naming sisiguraduhin na ang lahat ng gawain sa site ay may paggalang sa**

**kahalagahan ng gusali, may malasakit, may kaalaman sa epekto ng trauma, at magdudulot ng kaunting abala sa mga naninirahan, nag-aaral, at nagtatrabaho sa paligid.**

- Maingat na gigibain ang Tower sa likod ng puting panlabas na wrapping. Karaniwan na ang ganitong proseso ng paggiba ng malalaking gusali sa masisikip na lugar. Isinasaalang-alang ng aming paraan ang natatanging kalagayan ng trahedya at ang kahalagahan ng gusali.

- Magsisimula ang paggiba mula sa pinakatuktok ng gusali pababa, isa-isang palapag. Inaasahan naming aabutin ng halos isang buwan ang maingat na paggiba sa bawat palapag.

- Ang mas maliliit na bahagi ng Tower ay ibababa mula sa loob ng gusali. Ang mas malalaking bahagi, gaya ng panlabas na mga haligi, ay tatanggalin nang paisa-isa at ibababa sa mga nakatakip na container sa labas ng gusali gamit ang crane.

### Mga paghahanda ngayong tag-init

- Mag-iinstall ng crane sa silangang bahagi ng Tower. Kapag nagsimula na ang trabaho, gagamitin ang crane na ito para buhatin ang mga materyales mula sa Tower papunta sa mga truck na magdadala ng mga ito palabas ng site.

- Magkakaroon din ng mga pagbabago sa scaffolding bilang paghahanda sa paggiba ng Tower. Kabilang dito ang pagdaragdag ng pangalawang scaffolding 'shelf' sa Tower.

- Magtatayo rin ng framing para sa ikalawang banner. Mababasa ninyo ang karagdagang impormasyon tungkol dito sa ibaba.

### Maingat na paghihimlay ng mga materyales mula sa Tower

**Nauunawaan naming ang bawat bahagi ng Grenfell Tower ay sagrado para sa mga pamilya, at ituturing namin ang mga ito nang may paggalang at pag-iingat.**

- Nangangako ang pamahalaan na makikipagtulungan sa independiyenteng Grenfell Tower Memorial Commission at sa komunidad upang maisakatuparan ang hangarin ng komunidad para sa memorial.

- Handa kaming ilaan ang ilang bahagi ng Tower at ng site para isama sa memorial, kung nanaisin ng komunidad. Sumulat na kami sa mga pamilya tungkol sa kung paano namin sila masusuportahan sa pagtalakay nito ngayong taglagas.

- Maingat naming tatanggalin, ipepreserba, at ligtas na itatago ang architectural crown ng gusali at iba pang bahaging napagkasunduan kasama ang komunidad habang ginigiba nang maingat ang Tower.

- Ang lahat ng bahagi na aalisin mula sa Tower ay ilalagay sa mga walang tatak na truck, maingat na tatakpan, at saka aalisin mula sa site.

- Kasalukuyan kaming nakikipag-usap sa mga naulila at mga nakaligtas tungkol sa isang ikalawang lugar, bukod pa sa memorial site sa North Kensington, kung saan balak naming ihimlay nang may paggalang ang mga materyales mula sa Tower. Ito ay magiging isang naaangkop, maa-access, at sagradong lugar na maaaring dalawin ng mga pamilya, alinsunod sa rekomendasyon ng independiyenteng Grenfell Tower Memorial Commission. Nakikipag-ugnayan din kami sa mga faith leader upang magbigay ng gabay sa paghahanda ng site, sa paghihimlay ng mga materyales, at sa pangmatagalang pag-aalaga sa lugar.

## Pagiging madaling makita ng Tower: mga banner at ilaw

**Alam naming mahalaga para sa marami ang presensya ng Tower sa tanawin ng kalangitan.**

- Gagamit kami ng ilaw upang manatiling nakikita ang Tower sa tanawin ng kalangitan. Tinitingnan namin ang iba't ibang paraan ng pag-iilaw sa Tower. Ipapakita namin ang mga opsyon sa pamamagitan ng mga larawan sa mga pagpupulong ng komunidad. Kung hindi kayo makakadalo pero nais ninyong malaman pa ang tungkol dito, makipag-ugnayan sa amin o humiling na makita ang mga larawan ng maaaring hitsura nito, pakisuyong mag-email sa amin sa address na nasa dulo ng update na ito upang magsaayos ng pag-uusap.

- Mananatili ang banner na may disenyo ng berdeng puso. Dahan-dahan itong ibababa sa gusali habang kinakalas nang maingat ang scaffolding kung saan ito nakakabit.

- Mananatili ang banner sa tuktok ng Tower hanggang sa magsimula ang trabaho. Pagkatapos, mag-iinstall ng isa pang kaparehong banner sa kalagitnaan ng Tower. Ibig sabihin, magkakaroon ng dalawang banner sa loob ng maikling panahon. Pagkatapos nito, aalisin ang banner sa itaas at muling ikakabit sa mas mababang bahagi ng gusali. Sa kabuuan ng proseso, ang mga banner ay iilawan tuwing gabi gamit ang puting ilaw, tulad ng ginagawa ngayon.

## Kung ano ang makikita ninyo habang isinasagawa ang trabaho

**Isinasaalang-alang ng aming paraan ang pagiging sensitibo ng gusali sa kabuuan ng trabaho.**

- Mananatili sa kasalukuyang puwesto ang mga hoarding—ang mga kahoy na harang sa palibot ng site. Hindi ninyo makikita ang loob ng site habang nasa labas.

- Hindi rin ninyo makikita ang loob ng gusali. Isasagawa ang trabaho sa likod ng wrapping, na may dagdag na 2 metrong wrapping sa ibabaw ng mismong lugar ng gawain.

- Ang lahat ng bahagi na aalisin mula sa Tower ay ilalagay sa mga nakasarang container at tatakpan nang maayos bago ito ilabas mula sa site.

### Pagpapakita ng paggalang sa lugar

**Nauunawaan naming may ilang pamilya na nais magbigay-galang sa memorial wall kapag nagsimula na ang trabaho, lalo na sa mga mahahalagang petsa o anibersaryo.**

- Patuloy naming sinusuportahan ang mga naulila, mga nakaligtas, at ang komunidad sa paligid upang makapagbigay-galang sa lugar.

- Maaari naming ibahagi ang iskedyul kung kailan isasagawa ang trabaho sa bawat partikular na palapag ng Tower. Kung nais ninyong matanggap ang impormasyong ito nang direkta, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa email address na nasa ibaba.

### Kalusugan at kaligtasan

**Nananatiling pangunahing priyoridad namin ang kalusugan at kaligtasan ng komunidad at ng mga taong nagtatrabaho sa lugar.**

- Ang plano para sa maingat na paggiba ng Tower ay idinisenyo upang mabawasan ang ingay at abala. Maaari ninyong basahin ang higit pang detalye tungkol sa mga partikular na hakbang sa pagpigil at pamamahala na ipatutupad sa ikalawang community update na kasama sa update na ito.

- Patuloy naming pamamahalaan at imo-monitor nang mabuti ang gusali sa kabuuan ng gawain. Kabilang dito ang sistema na nagmo-monitor sa Tower 24/7, gayundin ang regular na inspeksyon at palapag-palapag na pagsusuri ng mga espesyalista sa structural engineering.

- Ang mga gawain ay may regulasyon, at ang Health and Safety Executive (HSE) ay patuloy na gaganap ng isang independiyenteng tungkulin sa pagpapatupad ng mga ito. Regular nang bumibisita ang HSE sa site mula pa noong 2017 at nagsasagawa ng mga inspeksyon upang suriin ang pagsunod sa mga regulasyon tulad ng Construction (Disenyo at Pamamahala) Regulations. May kapangyarihan silang maglabas ng mga Improvement Notice o Prohibition Notice, at magsampa ng legal na aksyon kung may nilabag na regulasyon.

- Makikipagtulungan kaming mabuti sa mga lokal na katuwang at pambansang eksperto tulad ng UK Health Security Agency.

### Kung sino ang magsasagawa ng gawaing ito

- Nakumpirma na ang Deconstruct UK (DUK), ang pangunahing contractor na responsable sa kaligtasan at araw-araw na pangangalaga ng site, ang siyang mangunguna sa maingat at may malasakit na paggiba ng Grenfell Tower.

- Simula pa noong 2017 ay nagtatrabaho na ang DUK sa Grenfell Tower site, at sa panahong ito ay nakabuo na sila ng malalim na kaalaman at karanasan hinggil sa Tower. Naniniwala kami na dahil sa napatunayan nang magandang rekord ng DUK, sila ang pinakapinagkakatiwalaang magsagawa ng gawaing ito nang ligtas, may paggalang, at may konsiderasyon para sa mga pamilya at mga naninirahan sa paligid. May sertipikasyon ang DUK mula sa British Standards Institute at may mga accreditation tulad ng Safe Contractor scheme, na nagpapatunay ng kanilang kakayahan pagdating sa kalidad at kaligtasan.

- Magkakaroon kayo ng regular na pagkakataon na dumalo sa mga pagpupulong kasama ang DUK upang pag-usapan ang gawain at makapagtanong. Sumulat na kami sa inyo upang ibahagi ang mga detalye ng mga susunod na pagpupulong.

### Kalusugan at kapakanan

Nangangako kami na magpapatuloy ang suporta para sa komunidad sa buong proseso. Nakikipagtulungan kaming mabuti sa Department of Health and Social Care at sa NHS upang matiyak na may angkop na mga serbisyo habang isinasagawa ang sensitibong prosesong ito. Nakikipagtulungan din kami sa Department for Education upang magbigay ng suporta sa mga paaralan, mga bata, at mga kabataan.

Kung may anumang pangamba kayo tungkol sa inyong kalusugan, pakisuyong makipag-ugnayan sa inyong GP. Sila ang magsusuri ng inyong pangangailangan at magrerekomenda ng tamang espesyalistang mag-aalaga sa inyo. Kung nais n'yo ng taong makakausap, pakisuyong tawagan ang Grenfell Wellbeing Service sa 020 8637 6279 (8am hanggang 8pm araw-araw) o ang CNWL Urgent Advice Line sa 0800 0234 650 (pagkatapos ng 8pm at 24 oras araw-araw), o mag-email sa kanila sa grenfell.wellbeingservice@nhs.net Maaari rin kayong pumunta sa www.grenfellwellbeing.cnwl.nhs.uk para sa impormasyon.

### Kung paano makikipag-ugnayan sa amin o makakakuha ng karagdagang impormasyon

Pakisuyong makipag-ugnayan sa amin kung may mga tanong o alalahanin kayo kaugnay ng mga gawain, o kung nais ninyong magsaayos ng pakikipag-usap sa amin. Sumulat kami sa mga pamilya upang imbitahan kayo sa mga pagpupulong ng komunidad kasama ang mga opisyal at ang DUK, ang pangunahing contractor, kung saan maaari kayong makaalam pa ng higit tungkol sa gawain. Handa kaming makipag-usap sa inyo nang paisa-isa o bilang grupo sa oras, petsa, at lugar na maginhawa at komportable para sa inyo.

Para sa mga detalye ukol dito o kung may nais kang itanong, mangyaring mag-email sa amin sa: GrenfellTowerSite@communities.gov.uk

Para sa mga pinakabagong update tungkol sa Grenfell Tower, at upang mag-sign up para sa mga abiso sa pamamagitan ng email, pumunta lamang sa: www.gov.uk/grenfell-community-updates o i-scan ang QR code sa ibaba.